

REPUBLIKA NG PILIPINAS  
LUNGSOD NG MARIKINA



# BARANGAY DISASTER RISK MANAGEMENT MANUAL

Setyembre – Disyembre 2010



BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION  
AND MANAGEMENT COMMITTEE  
Barangay MALANDAY

JOSEPH N. BRIONES  
Punong Barangay

Ang Noah's Ark Project (PNoah) ay isang proyektong *community-based flood preparedness* na pinangungunahan ng Our Lighthouse Alliance. Layunin ng Noah's Ark na maghanap ng ligtas na lugar sa isang *high-risk area* at i-debelop ito bilang *evacuation center*; ayusin ang mga paaralan at mga pampublikong lugar upang maging angkop na *evacuation areas*, at bigyan at palakasin ang kapasidad ng mga bulnerableng komunidad upang makapaghanda laban sa pagbaha.



# MGA MENSAHE



**DEL R. DE GUZMAN**  
Punong Lungsod

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Del R. De Guzman'.

Ang salantang dulot sa atin ni Ondoy ay lubos na nagpa-igting sa pangangailangan na magkaroon ng konkretong paghahanda sa kalamidad ang bawat komunidad. Ito ay isang positibong hakbang na nagbibigay kahinahunan sa taumbayan.

Ikinalulugod kong malaman na ang Barangay Malanday ay nakabuo ng *Disaster Risk Management Manual* upang magsilbing gabay para sa kanilang kabarangay. Ang dokumentong ito ang siyang magbibigay kaalaman at linaw sa mga kinauukulan kung ano ang dapat gawin upang mabawasan ang pinsalang dulot ng kalamidad.

Umaasa ako na ang bawat barangay ay magkaroon ng kahalintulad na dokumento. Ang ganitong inisiyatibo ay mahalaga tungo sa ating layuning maging isang komunidad na may pagsasaalang-alang sa paghahanda.

Mabuhay po kayo!



**JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D**  
Bise Alkalde

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Jose Fabian I. Cadiz, M.D.'.

Ako po ay lubos na nagagalak dahil sa maluwag na pagtanggap ng Barangay Malanday sa mga programang nauukol sa tamang pagtugon sa kalamidad. Ito ay napamalas nila sa pagbalangkas ng kanilang *Barangay Disaster Risk Management Manual*. Kaakibat din nito ang kanilang buong-pusong pagsang-ayon na maisakatuparan ang Noah's Ark Project ng Our Lighthouse Alliance sa kanilang barangay sa tulong ng Ayala Foundation Inc. Corporate Network for Disaster Response, and Habitat for Humanity Philippines, Inc.

Katangi-tangi ang hakbanging ito ng Barangay Malanday na dapat tularan dahil ito ay sumasalamin sa napapanahong paghahanda ng ating mga kababayan dito sa Lungsod ng Marikina sa mga pagsubok na dala ng mga bagyo, lindol, baha at iba pang mga sakuna. Gaya ng sinasabi ng lahat, ang lubos paghahanda sa anumang kalamidad ay isang katiyakan na handang mailigtas ang buhay ng tao at ang kanilang mga ari-arian.

Binabati ko ang *Barangay Council* ng Malanday sa pamumuno ni Punong Barangay Joseph Briones at sampu ng kanyang masigasig na kasamahan sa konseho dahil sa pangunguna nila sa kanilang mga kabarangay na mailayo ang mga ito sa daan ng kapamahakan na dala ng mga kalamidad. Ito ay isa ring magandang pangitain na nagkakaisa ang mga tigabarangay Malanday at nakikiisa sila sa mga programa at proyekto ng ating kasalukuyang administrasyon sa pangunguna ni Mayor Del R. De Guzman.

Dalangin ko na makamit ng Barangay Malanday ang kanilang minimithi na mapabuti pa lalo ang kanilang barangay, higit pang mabigyang-diin ang mga programang mag-aangat sa kanila at, higit sa lahat, maipagpatuloy ang kanilang magandang simulain na mabigyang proteksyon at kahalagahan ang kanilang mga buhay laban sa mga sakuna na dala ng mga kalamidad.

Mabuhay ang Barangay Malanday!



**JOSEPH N. BRIONES**  
Punong Barangay

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Joseph N. Briones', written over a circular scribble.

Nakakabahala ang mga nangyayaring kalamidad hindi lamang sa Pilipinas kung hindi pati na sa ibang bansa. Madalas sa kasalukuyan ay ang pagbaha, lindol at iba pang kalamidad na dulot ng pagbabago ng klima at kung minsan ay parang katulong pa ang mga mamamayan kung bakit lumalala ang mga pagbaha at pagguho ng lupa ng ating mga kabundukan marahil dahil sa kawalan ng disiplina at kapabayaan ng mamamayan at pamahalaan. Ang mga pangyayari na mismo ang nagtuturo sa atin kung ano ang dapat natin gagawin habang patuloy ang pag-aaral at pagturo ng tamang disiplina sa mamamayan, ang mga nasa pamahalaan ay dapat pag-ibayuhin ang pagsasanay at paghahanda upang maiwasan ang mga nasisirang mga ari-arian at upang mailigtas ang buhay ng mamamayan.

Ang Malanday ay madalas ang pagbaha na nagiging problema tuwing sasapit ang tag-ulan at pangambang bumaha pag may malakas na pag-ulan na dulot ng bagyo. Sa mga ganitong sitwasyon ang pamahalaan ng barangay ay may sariling paraan ng paglikas ayon sa sariling karanasan at ayon na din sa kanyang kakayanan, subalit hindi naging sapat ang paghahanda kung malubha ang pagbaha katulad ng nangyari noong Setyembre 26, 2009 na dala ng bagyong Ondoy.

Nakita natin ang kasalatan ng ibayo at malawakang paghahanda, Ang pangyayaring yun ang nagturo ng leksyon na bagamat mahirap labanan ang ngitngit ng kalikasan subalit kung tayo ay handa hindi magkakaroon ng mga kaswalti at maililigtas natin ang mga mahalagang ari-arian. Sa pangyayaring tulad ng Ondoy, nasaksihan natin ang malaking pagkukulang ng ating lokal at nasyunal na pamahalaan.

Maraming salamat sa mga pribadong organisasyon na sila ang nagbigay o nagsuporta ng mga serbisyong agarang kailangan ng mga biktimang nasalanta ng baha. Sa Malanday nasaksihan natin ang malasakit ng Corporate Network for Disaster Response (CNDR) at ng Habitat for Humanity Philippines, Inc. (HfHP) at iba pa sa kasagsagan ng pangangailangan sa sentro ng paglikas. Muli tayo ay nagpapasalamat sa kanila at pagkatapos ng unos sa buhay ng taga Malanday ang CNDR ay muling nakipag-ugnayan upang maging isa sa mga unang barangay na kanilang tutulungan sa pamamagitan ng Noah's Ark Project na nailunsad noong Setyembre 4, 2010 hanggang Disyembre 4, 2010 sa pangunguna ng CNDR, Habitat for Humanity Philippines, Inc. at ng Ayala Foundation Inc. at iba pang organisasyon na naging kabahagi ng proyekto. Ang pamunuan ng Barangay ay nagkaroon ng tuwinang kaalaman sa paghahanda bago at pagkatapos ng pagbaha. Natapos ang seminar sa pagsasanay sa paglikas at taon-taon ay lalong palalawakin ang pagsasanay na ito.

Sa CNDR, Habitat for Humanity Philippines, Inc. at Ayala Foundation Inc. sa pamamagitan ng Sangguniang Barangay at konstituente ng barangay Malanday, aming pinaabot ang taos pusong pasasalamat at sana makatulong pa kayo sa maraming barangay upang sila ay handa din sa mga sakuna higit lalo sa pagbaha.

Mabuhay po kayo!!



  
**LINO P. DE GUZMAN**

Punong Guro  
Mababang Paaralan ng Malanday

Ang pagbuo at paglathala ng *Disaster Risk Management Manual* ng Barangay Malanday, Lungsod ng Marikina ay isang mahalagang bahagi ng pangyayari sa lokal na pamahalaan ng barangay at sa Mababang Paaralan ng Malanday.


Kami po ay nagagalak na mapili ng pamunuan ng Noah's Ark Project na maging bahagi ng kanilang magandang hangarin na makatulong sa mga mamamayan na naapektuhan ng baha sa panahon ng bagyo. Hindi naman lingid sa kaalaman ng lahat na ang Mababang Paaralan ng Malanday ay laging *evacuation center* sa mga ganitong pangyayari.

Sa proyektong Noah's Ark, ang Mababang Paaralan ng Malanday ay natulungan ayusin bilang *evacuation center* upang makapagbibigay ng kaunting ginhawa at kaayusan sa panahon ng unos o bagyo. Kasabay nito ang pagtulong sa pamunuan ng paraalan sa pagbuo ng *Camp Management Plan*.

Ibig po naming ipaalam sa mga tagataguyod ng Noah's Ark Project at sa lokal na pamahalaan ng Malanday na ang pamunuan ng Mababang Paaralan ng Malanday ay buong puso na patuloy na tatangkilik at susuporta sa proyektong ito. Makakaasa po kayo na buo ang aming pagtatangkilik at suporta sa inyong simulain at magandang hangarin sa mamamayan ng lungsod ng Marikina lalung-lalo na ang taga-Malanday.

Maraming salamat po at hangad po natin ang tagumpay ng Noah's Ark Project.




  
**MARIO A. DERIQUITO**  
Senior Director  
Ayala Foundation Inc.

Dumarating ang sakuna nang walang babala. Ang biglaang pagtama ng sakuna, kasama na rin ang kukulangan ng kahandaan ng mga komunidad ay nagdudulot ng matinding pagkawala o pinsala sa mga buhay at ari-arian. Sa ganitong sitwasyon, naglalayong makatulong ang Ayala Foundation, di lamang sa pamamagitan ng pagbibigay ng dagliang tulong kundi na rin sa pagbibigay ng kahandaan sa mga komunidad at mga mamamayan. Ang handang pamayanan ay isang malaki at mahalagang hakbang upang mawala o di kaya'y mabawasan ang bilang ng pagkawala ng buhay o di kaya'y ari-arian.

Ang pagtama ng bagyong Ondoy sa Metro Manila noong Setyembre 2009 ay nagpamulat sa Ayala Foundation na bigyang-halaga at pagtuunan ng pansin ang paghahanda ng mga komunidad para sa mga kalamidad. Sa ganitong kadahilanan, ang Ayala Foundation, katuwang ang iba't ibang *non-government organizations, foundations*, at iba pang organisasyon ay nakiisa sa pagbuo ng isang alyansa na kinilalang Our LightHouse Alliance. Ang alyansa ay naglalayong magkaroon ng isang direksyon at sama-samang pagkilos sa pagpapalaganap ng kaalaman at kahandaan sa mga komunidad na higit na nanganganib sa mga sakuna katulad ng pagbaha.

Nagagalak ang Ayala Foundation sa pakikipagtulungan ng pamunuan at pamayanan ng Barangay Malanday, Lungsod ng Marikina para sa pagpapatupad ng Project Noah's Ark. Hangad ng Ayala Foundation ang kaligtasan ng Malanday, ang patuloy na paghahanda, at higit sa lahat ang mas handang pamayanan sa susunod na pagdating ng sakuna. Patuloy tayong magsama-sama para sa mas ligtas na komunidad.



  
**RAMON R. ISBERTO**  
President  
CNDR

Ang kahandaan ng bawat komunidad at mamamayan na tumugon sa anumang uri ng sakuna ay lubos na pinahahalagahan ng Corporate Network for Disaster Response (CNDR). Ang pabibigay ng CNDR ng kahalagahang ito ay makikita sa mga proyektong naisagawa o isinasagawa nito sa iba't-ibang lugar sa buong bansa. Kabilang na dito ang Noah's Ark Project na naglalayong paigtingin ang kahandaan ng mga komunidad sa panahon ng pagbaha sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay sa *Disaster Risk Reduction and Management*, at sa paglalagay ng angkop na pasilidad sa mga pampublikong lugar na ginagamit bilang *evacuation centers*.

Lubos ang aming pasasalamat sa Barangay Malanday, Lungsod ng Marikina sa pamumuno ni Kapitan Joseph N. Briones at ng Konseho dahil sa kanilang aktibong paglahok sa Noah's Ark Project. Ang kanilang pakikipag-ugnayan sa CNDR ay nagbunga sa pagkabuo ng *Barangay Disaster Risk Management Manual*, isang mahalagang dokumento na magsisilbing gabay sa pagkilos ng Barangay sa panahon ng pagbaha.

Pasasalamat din ang nais naming ipaabot sa Malanday Elementary School, Kagawaran ng Edukasyon na pinamumunuan ni Ginoong Lino P. De Guzman bilang Punong Guro. Ang ipinamalas nilang pagsuporta sa Noah's Ark Project ay maituturing na isang modelo ng paghahanda ng isang pampublikong paaralan upang mabigyan ng kalinga ang bawat pamilya na lilikas sa kaniyang kanlungan.

Kami ay umaasa na patuloy na palalakasin ng Barangay Malanday ang kanyang kakayanan na ihanda kanyang komunidad sa pagharap sa anumang sakuna.

Mabuhay Barangay Malanday!

# PANIMULA

Ang bagyong Ondoy na pumasok sa bansa noong 2009 ay isang bahagi ng karanasan ng mga Pilipino na naghimok sa mga ito na magkaroon ng kulturang laging handa. Nagtala ito ng dami ng tubig-ulan na katumbas ng (sobra) sa isang buwan sa loob lamang ng 10 oras, at umabot sa humigit kumulang 450 mm. Dahil sa di inaasahang mabilis na pagtaas ng tubig sa mga mabababa at peligrosong lugar, ang Ondoy ay nagdala ng pinsala sa buhay at ari-arian at nakaapekto sa mahigit na apat na milyong katao.

Ang bayan ng Marikina ay isa sa mga nilubog ng rumaragasang tubig mula sa kabundukan at ilog na nagmistulang delubyo sa mga nakatira rito. Mahigit na P10 bilyon ang nasirang negosyo, pamumuhay at mga istraktura sa bayan na kilala sa kalinisan, at sa mga matitibay at de kalidad na mga sapatos.

Bilang pagtugon sa pangangailangan na maging handa sa lahat ng oras at maiwasan ang anumang malalaking sakuna, ang Barangay Malanday sa Marikina ay nagkaroon ng ilang *workshops* at seminar ukol sa *disaster risk reduction and management*. Sa tulong ni Cedric Daep ng Albay Public Safety and Emergency Management Office, nabuo ang manwal na ito mula sa kanilang mga natutunan at naekspiryensya sa ilang araw ng mga pagsasanay. Nakatulong din na ang Malanday ang napiling *pilot site* ng Noah's Ark Project na

pinangungunahan ng Ayala Foundation Inc., Corporate Network for Disaster Response at Habitat for Humanity Philippines, Inc.

Mainam na ang Malanday ay nagsisimula nang i-angkop ang kanilang *Disaster Risk Reduction and Management Committee* bilang pagsunod sa *Republic Act 10121 (Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010)*. Nariyan nang ihanda nila ang mga lider opisyal para sa kanilang *local disaster risk reduction and management committee*, magtalaga ng mga taong may nakahanay na responsibilidad, magtasa ng mga gamit na kailangan sa mga panahon ng paghahanda at sakuna, pagkakaroon ng mga *training* at seminar para simulan ang kaalaman ukol sa *disaster management*, at pagplano ng tamang pagtugon sa mga pangangailangan ng komunidad sa panahon ng kalamidad. Nagtalaga na rin ang lokal na pamahalaan ng lugar bilang *Disaster Operation Center* ng Malanday.

Inaasahang ang manwal na ito ay makakatulong sa mga taga-Malanday na magsimulang maging maingat at mapagmatyag sa anumang uri ng sakuna at kalamidad. Ang paghahanda ay nagsisimula sa pagkakaroon ng kaalaman, at kung matutunan kung paano gamitin ng tama ang kaalamang ito, tiyak na magiging ligtas ang pamayanan.

*Ang Ondoy ay nagdala ng pinsala sa buhay at ari-arian at nakaapekto sa mahigit na apat na milyong katao.*



Tuason Community Center  
Foundation, Inc. (TCCFI)

# *NILALAMAN*

Mga Mensahe / 3

Panimula / 7

## *1* PAGHAHANDA/PREPAREDNESS / 10

Mga Termino / 10

Kahalagahan ng Organisadong Sanggunian sa Paghahanda / 11

Istruktura ng Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee (BDRRMC) ng Malanday / 13

Mga Miyembro ng Komite / 14

Mga Tungkulin ng Komite

Security / 15

Supply / 16

Transportation / 17

Communication / 18

Warning / 19

Rescue / 20

Fire Brigade / 21

Evacuation / 22

Relief / 23

Security / 24

Medical / 25

## *2* HAZARD MAPPING / 26

Hazard Map ng Malanday / 25

Resource Map ng Malanday / 28

Vulnerable Population Map ng Malanday / 29

## *3* KOMUNIKASYON at mga BABALA/ EARLY WARNING SYSTEM (EWS) / 31

Flowchart ng Komunikasyon / 31

Imbentaryo ng Gamit sa Komunikasyon / 32

Mga Elemento ng Early Warning System / 33

BDRRM Committee Action Plans Base sa

Babala ng Bagyo / 34

Flood Warning Criteria at Action Plan / 35



Mga Purok at Populasyong nasa Panganib / 36

Bahang Tulad ng sa Ondoy/ 37

Mga Halimbawa ng Advisories / 38

#### 4 BABALA SA PAGBAHA AT PAGLIKAS: ISANG PAGSASANAY/ FLOOD WARNING & EVACUATION DRILL / 41

Organisadong Istruktura ng Camp Management ng

Mababang Paaralan ng Malanday / 42

Mga Miyembro / 42

Mga Tungkulin

Chairman / 43

Monitoring and Evaluation Group / 43

Communication Group / 43

Processing Group / 44

Kitchen Group / 44

Relief Group / 44

Maintenance Group / 45

Protective and Security Group / 45

Medical Group / 45

Flowchart ng mga Tungkulin ng Malanday Elementary School

Evacuation Committee / 46

Paglalaan ng Pagkain / 47

Pamamahagi ng Relief / 48

Mga Pangangailangan sa Evacuation Center / 49

Mga Pangkalahatang Polisiya sa Evacuation Center / 50

Tagpong Gabay Para sa Flood Warning at Evacuation Drill / 51

#### 5 MGA ARAL MULA SA COMMUNITY DRILL / 54

Annex

Pasasalamat

# 1. PAGHAHANDA (PREPAREDNESS)

Dahil ang mga kalamidad ay madalas na hindi masabi kung kailan darating, ang paghahanda ay mahalaga sa kaligtasan ng mga populasyon, ito man ay nasa peligroso o “ligtas” na lugar. Kung handa ang komunidad at laging nagmamasid sa nagbabantang panganib, maiiwasan o mababawasan ang pagkasira ng ekonomiya at pinsala sa buhay ng mga nakatira rito.

Ang unang hakbang sa paghahanda ay maunawaan ang ilang terminong madalas na ginagamit sa *Disaster Risk Management (DRM)*\*:

1. *Hazard*- ay mga pangyayaring likas o gawa ng tao na maaring magdulot ng pinsala sa buhay, kabuhayan o pagkatigil ng panlipunan (*social*) at pang-ekonomiyang gawain ng isang lugar o pagkasira ng kalikasan. Ito ay maaring magresulta sa isang disaster. Ang halimbawa ng mga *hazard* ay: bagyo, lindol, baha, *flashfloods*, pagguho ng lupa, pagputok ng bulkan, *storm surge*, at iba pa.

Ang *hazard* ay maaring:

- nag-iisa - gaya ng sunog,
- magkasunod o dulot ng isa pang *hazard* - gaya ng lindol at *tsunami*, lindol at *landslide* o malakas na ulan at *landslide*
- kumbinasyon gaya ng bagyo, malakas na ulan at *landslide*

2. Disaster - ay resulta ng pagtama ng *hazard* sa isang bulnerable o mahirap na komunidad na hindi sapat ang mga kapasidad para maibsan ang nakapamiminsalang epekto ng *hazard*. Kadalasan, ang resulta ay malawakang pinsala sa buhay, ari-arian, kabuhayan at kalikasan at pagkaantala ng mga araw-araw na gawain ng komunidad.

3. Bulnerabilidad (*Vulnerability*) - ay mga pisikal, panlipunan (*social*), pangkabuhayan (*economic*) at pangkalikasang kalagayan ng komunidad na naglalagay sa kanila sa isang sitwasyon na mas magiging malala ang pinsalang dulot ng *hazard*. Ang bulnerabilidad ay kalagayan sa komunidad bago pa magkaroon ng disaster, lumalala sa panahon ng disaster at maaaring manatili ng mahabang panahon pagtapos ng disaster.

4. Kapasidad (*Capacity*) - ay ang pinagsama-samang lakas at rekurso ng mga tao, pamilya at komunidad na makatutulong para mabawasan ang epekto ng disaster, mapaghandaan ang *emergency* at makabawi mula sa isang disaster. Kasama sa mga rekursong ito ang pisikal, panlipunan (*social*), pangkabuhayan, kasanayan, kakayahan, kaalaman, pamunuan, mga kinagawian at pagtingin.

5. Risiko o panganib (*Risk*) - ay ang posibilidad na mangyari ang isang disaster at kung gaano katindi ang pinsalang maidudulot nito. Pinag-aaralan ang *risk* (R) dahil ito ay nagtuturo ng antas ng probabilidad (*likelihood*) at tindi (*severity*) ng *hazard* (H) na maipakikita sa pormulang:

$$R = H \times \frac{V}{C}$$

R – Risk H – Hazard V – Vulnerability C – Capacity

\*Hinango mula sa manwal ng *Corporate Network for Disaster Response (CNDR)*.

## Kahalagahan ng Organisadong Sanggunian (Council) sa Paghahanda

Ang pamunuan ng barangay ay mahalaga sa DRRM at paghahanda sa mga disaster. Kung hindi malinaw ang istruktura at mga tungkulin ng mga opisyal sa sanggunian, makakadagdag lamang ito ng gulo at makakalikha ng taranta.

May ilang mahahalagang katanungan upang malaman kung gaano kahanda ang lokal na pamahalaan sa pagdating ng sakuna:

1. Ano ang mga gawain/responsibilidad ng Sangguniang Barangay (*Council*)?
2. Aling barangay *disaster task unit* ang organisado at nakahanda kapag kinailangang ipadala o suguin?
3. Ano ang mga materyales o mga kagamitan na meron ang komunidad na nakahanda at makakatulong sa panahon ng pangangailangan?
4. Ano ang mga dapat gawin ng komunidad?

Ang mga katanungang ito ay magsisilbing sukatan kung gaano kagayak ang barangay at lokal na pamahalaan sa simula ng paghahanda. Malalaman rin kung ano ang mga kakulangan at kahinaan nito.

Dapat tandaan na ang *disaster risk reduction* ay laging naghahanap ng solusyon, hindi ng problema. Ang mga solusyon ay maiihain sa pamamagitan ng mga rekomendasyon, at ang mga rekomendasyon ay laging ang pinaka-angkop sa hinihingi ng sitwasyon. Sinuman ang mga naghain at umayon sa mga solusyon at suhestiyon ay bahagi ng tinatawag na *team work*.

- Mahalaga na ang mga nasa pamunuan ay may kaalaman sa kanilang mga responsibilidad, pamunuan at komunidad.
- Madalas na ang problema sa mga panahon ng kalamidad ay ang pagpapatong-patong ng mga trabaho sa iisang grupo o tao na lalung nagpapabagal o nakakapigil sa mabilis na pagusad ng mga gawaing kritikal sa mga oras ng disaster.

Halimbawa, ang mga taong nasa serbisyong medikal at pangkalusugan ay mas angkop sa pagsagip (*rescue*) sa mga tao dahil ang mga tungkuling pang-medikal ay iba sa gawaing paglilikas (*evacuation*). Higit na makakatulong sa mga paglikas at pamimigay ng tulong o *relief* ang mga nasa



*Mainam na nagsisimula nang i-angkop ng Barangay Malanday ang kanyang Disaster Risk Reduction and Management Committee bilang pagsunod sa Republic Act 10121.*

*Gaano kahanda  
ang lokal na  
pamahalaan sa  
panahon ng mga sakuna?*

Kagawaran ng Panlipunang Kagalingan (*social welfare*) at mga boluntaryo. Samantala, ang *damage control* ay maaring hawakan ng Sangunian, habang ang mga nasawi (*casualty*) ay pamunuan sektor ng pangkalusugan.


- Gawing Komite ang mga Sangunian at sundin ang mga polisiya ng *Barangay Development Council*. Magkaroon din dapat ng oryentasyon ng mga Komite at mga tauhan ukol sa kanilang mga gawain/tungkulin.

Mula ng ipasa ng Kongreso ang *Republic Act 10121* o *Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act*, naglayon ito na ang *disaster risk reduction and management* ay dapat nang ipaloob sa mga kurikulum ng mga estudyante sa *high school* at kolehiyo; ang Sanguniang Kabataan ay kasama sa mga gawaing may kinalaman sa DRRM; at ang *good governance, risk assessment*, pabubuo ng mga kaalaman at kapasidad ukol sa DRRM ay bahagi ng mga paghahanda at pagpapatakbo ng mga lokal na pamahalaan.

Ang mga lokal na pamahalaan ang inaasahang unang reresponde sa mga disaster kaya mahalaga ang partipasyon ng mga barangay. Kailangan tiyakin na ang *disaster risk reduction* (DRR) ay nakapaloob sa mga plano, programa at badyet nito. Ang *Barangay Development Council* (BDC) ang siyang magbubuo ng mga polisiya at magsasagawa nito.



## BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COMMITTEE ng MALANDAY



**Organisadong Istruktura**

## **Mga Miyembro ng Komite**

### **1. Security Committee**

- 24 Barangay Tanod
- 10 Philippine National Police (PNP)
- 20 Barangay Protection Action Team
- Armed Forces of the Philippines (AFP) = opsiyunal

### **2. Supply**

- 10 Barangay Staff

### **3. Transportation**

- Lahat na drayber ng barangay
- 5 Tanod
- 10 Kamineros

### **4. Communication**

- Rogel Santiago (Kabalikat)
- Armando dela Cruz – Bantay Bayan

### **5. Information**

- Barangay Secretary
- 3 Barangay Staff

### **6. Warning**

- Rainfall Monitoring
- Observation of Rain Condition

### **7. Rescue**

- Medical – Mercia Bedico
- Transport – Jun Aquino
- Communication – Kgd. Narciso dela Cruz, Jr.

### **8. Fire Brigade**

- On duty personnel

### **9. Evacuation**

#### **A. Evacuation Procedure**

- Deputy Tanod
- Communication Committee
- Transport – Jose Esperas
- Medical – Dr. Hernani Reyes

#### **B. Camp Management**

- Principal – Mr. Lino P. de Guzman
- Assistant – Oliva Estanislao
- Medic/WASH – Nora de Leon/  
Connie Mani
- Security – Nards Rille
- Engineering – Ronald Jacinto
- Relief – Social Welfare Volunteer,  
Jean Dioayan/Alice Quintas

### **10. Relief**

- Kgd. Eva C. Falcon
- Camp Mgt. – Jean Dioayan, Alice Quintas
- Transportation/Health – 2 drayber,  
4 Kamineros
- Security – 2 Tanod
- Warehousing – Rogelio Sebastian


### **11. Medical**

- 6 Barangay Health Workers
- Sanguniang Kabataan (SK)
- Health Center Staff

### **12. Damage Control and Assessment**

- Kgd. Gina F. Vargas
- PNP on duty
- Kinatawan mula sa Social Welfare


## Security Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Pangkalahatang tagapangasiwa sa pagprotekta sa seguridad ng mga tao at ng kanilang mga ari-arian sa panahon ng kalamidad at sa panahon ng paglikas.  
- Pangasiwaan ang mga seguridad at kaayusan sa panahon ng pagta-*transport* (pagdadala) ng mga *supply*, *relief* at mga kasangkapan (*equipment*)
2. *Vice Chairman* – Tumayong principal na kawani ng *Chairman* at maaaring isang *team leader*, umaksiyon sa lahat ng gampanin patungkol sa seguridad sa panahon ng kalamidad alang-alang sa *Chairman*.
3. Bantay-Bayan, Bantay Komunidad – Tagapagbantay ng mga kani-kanilang lugar higit ang mga binabakanteng lugar at mga tirahan ng mga lumikas para mapangalagaan ang mga naiwang kagamitan at ari-arian sa kanilang komunidad o purok.
4. Kapulisan at mga Tanod – Magbantay ng seguridad ng buong kapaligiran ng barangay, protektahan ang buhay at ari-arian sa panahon ng kalamidad higit ang mga lugar at tahanan ng mga lumikas.  
– Pangalagaan at bantayan ang seguridad ng pinaglikasan (*evacuation center*).  
– Magsaayos ng mga daraanan at trapiko sa panahon ng kalamidad at paglikas.  
– Tumulong para maging maayos at nasa tama ang pagbibigay ng *relief* at ano mang tulong (*crowd control*).

## Supply Committee




### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Responsible sa pamamahala at pangangasiwa ng mga *supply* at nangangasiwa sa mga kailangang bilhin para sa disaster.
2. *Vice Chairman* – Katulong ng *Chairman* sa pagpapatupad at pamamahala ng mga *supply*.
3. *Warehouse* – Responsible sa pagre-*release* ng mga kagamitan at pagtatago ng mga ito, taga-pangasiwa ng mga kagamitan na kakailanganin sa paghahanda sa disaster, at mag-imbentaryo ng mga gamit pagkatapos ng disaster.
4. *Distribution* – Mamamahala ng mga ipapamahagi patungo sa *relief committee*, pagtatala ng mga binili at taga-likom ng mga pinamili.




## Transportation Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Italaga ang mga driver sa kanilang destinasyon. Siguraduhin na ang lahat ng sasakyan ay may sapat na gas at krudo, at laging nasa maayos at mabuting kondisyon lalung-lalo na sa panahon ng *emergency*.
2. *Vice Chairman* – Asistehan ang mga drayber na itinalaga ng *Chairman*.
3. *Drivers*:
  - A. Ireneo Mallari, Anacleto Sauro, Randel Alancado, at Wilfredo Aquino – mga drayber ng ambulansya at *patrol mobile* na susuporta sa Medical Committee.
  - B. Artemio Sampuang – Katulong ng *Chairman*, suporta na sasakyan, at *backup driver*.
  - C. Dennis Nicolas – *Backup driver*.


## Communication Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – taga-tanggap ng mga impormasyon galing sa awtoridad ng MDCC o Kagawaran ng Tanggulang Pambansa (National Civil Defence) at iba pang opisyal na pinagkukunan ng impormasyon at ipinamamahagi ito sa lider ng Barangay Warning Service.
2. *Vice Chairman* – ang tumatayong prinsipal na kawani ng *Chairman* at maari ding isang *team leader*. Umaaksyon sa lahat ng komunikasyon na ukol sa mga disaster sa lugar alang-alang sa *Chairman*.
3. *Monitoring File Staff* – ang namamahala at nagtatala ng mga babala at mensahe ukol sa komunikasyon. Nangangasiwa ng mga gamit pangkomunikasyon.
4. *Monitoring Field Staff* – nagpapanatili ng wasto o akwang linya ng komunikasyon sa pamahalaang panglungsod. Nangangasiwa ng *directory* o talaan ng lahat ng tauhan na kasama sa operasyon. Nago-organisa ng mga gamit sa komunikasyon.


## Warning Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – nangangasiwa ng patuloy na komunikasyon sa Punong Barangay upang ang mga impormasyon galing sa ahensyang pambansa ay maiipamahagi ng wasto.
2. *Vice Chairman* – tinitiyak na ang mga babala (*warning signals*) ay natatanggap ng lahat ng mga residente sa barangay. Tumatayo sa lugar ng Punong Barangay kung wala ito.
3. *River Watch and Rain Gauge* – nanganagasiwa ng pagmo-monitor ng tubig o *water level*. Gumagawa ng opisyal na ulat at sinusumite sa *Chairman* para sa inpormasyon at basehan ng pagpapalaganap ng angkop na babala at mga susunod na hakbang sa mga panahong kakailanganin ito.


## Rescue Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Italaga ang mga miyembro ng *rescue* sa mga lugar na nangangailangan ng tulong.
2. *Vice Chairman* – suportahan ang mga itinalagang mag-*rescue* ng *Chairman*.
3. *Rescue Team*:
  - A. Edgar Combes, Jessie De Guzman, at Joseph Arizala – Taga-bista sa mga kailangan pang *i-rescue* na mga tao.
  - B. Ray Bernardino at Anecito Odtujan – Taga-asikaso sa mga kailangan ng mga na *rescue*.


## Fire Brigade Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Ang mga namamahala sa kanyang mga tauhan sa oras ng sunog o kalamidad.
2. *Vice Chairman* – Ang namamahala sa *Fire Truck Operator (FTO) / Driver, Crew, Nozzleman* sa oras ng sunog o kalamidad.
3. *Fire Truck Operator (FTO) / Driver* – Ang mga nagmamaneho ng *fire truck* papunta sa at pabalik mula sa sunog.
4. *Crew* – Ang nangangalaga sa mga gamit ng *fire truck*.
5. *Nozzleman* – ang may hawak ng *nozzle* at ang lumalaban sa sunog.


## Evacuation Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* –lumilikha ng mga *emergency plan* para sa paaralan. Nakikipagtulungan sa BDC para sa pagpili, pag-organisa at pagsasanay ng mga *operating teams*. Nangangasiwa at namamahala sa mga aktibidades/gawain ng mga tauhan sa paglikas o sapilitang pananatili sa isang lugar (*enforced stay*).
2. *Vice Chairman* –nagsisilbing *principal assistant* sa pagkaliban ng *Chairman* at kasama ng grupo
3. *Monitoring and File Staff*– tumatanggap at naglilista ng mga pangalan ng mga lumikas. Nag-iingat ng mga talaan kung ilang pamilya ang lumikas/pinalikas at apektado ng pagbaha.
4. *Field Staff* – katulong ng *Chairman*, *Relief*, *Transportation*, *Medical*, *Security* at *Communication staff*. Taga-manman ng BFP personnel sa pagtaas ng tubig. Nagbibigay ng ulat kung ilang pamilya ang apektado
5. *Medical* – nagsasaayos kasama ng Philippine National Red Cross at ng Marikina Rescue 161 para sa pagsasanay sa paunang lunas (*first aid*) at *medical self-help*.
  - A. Namamahala sa pagpili ng mga lugar para sa *first aid* at gamutan sa mga *shelters*, *evacuation centers* at iba pa.
  - B. Namamahala sa *medical* o *self-help operation* at may pahintulot na kumuha sa mga gamit medikal at gamot.
  - C. Naglalatag ng polisiya at kautusang namamahala sa *emergency treatment* ng mga nasugatan o maysakit na tauhan.
  - D. Nag-iinspeksyon ng pag-iimbak ng mga gamit at tubig sa mga *shelters*.


## Relief Committee



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Nakikipag-ugnayan sa *Transport Committee*, *Security Committee*, *Evacuation Committee*, at *Camp Management*.
  - Taga-pangasiwa sa paghahanda ng mga gamit na kailangan para sa *relief*.
  - Taga-tanggap ng *relief* mula sa *Supply*.
  - Taga-pangasiwa sa paghahanda ng *relief* tulad ng:
    - A. Pagrepack bago ipamahagi
    - B. Pamamahagi
  - Tagapatalaga ng bawat gawain sa mga miyembro.
2. *Volunteers* – Taga-kuha ng kumpletong talaan ng mga nilikas tulad ng:
  - A. Bilang ng pamilya at ang numero ng kanilang silid.
  - B. Sitwasyon ng mga lumikas.
  - Taga-repack ng *relief goods*.
  - Katuwang sa pamamahagi ng *relief goods*.
3. *NGOs* – Taga-bilang at taga-tala ng mga ipapamahaging *relief goods* para sa mga lumikas o para sa imbentaryo.

## Security



### Mga Tungkulin:

Nangangalaga sa seguridad ng mga tao at kagamitan ng mga inabandonang bahay, *evacuation centers* at mga sakop ng operasyon.


A. Nagsasagawa ng *personnel identification and control* sa pamamagitan ng pag-siyasat ng mga tao at sasakyang nasa bawal na lugar ng walang pahintulot.

B. Rumiresponde sa mga alarma o gawaing kahina-hinala; nag-uulat ng mga insidente sa mga awtoridad sa pamamagitan ng *BDC Chairman* o sinumang may kapangyarihan

C. Nakikipagtulungan sa Philippine National Police (PNP) para sa seguridad ng operasyon.



## Medical



### Mga Tungkulin:

1. *Chairman* – Namamahala sa pagpili ng mga lugar sa *first aid* at gamutan sa mga *shelters*, *evacuation centers* at iba pa.
  - Nag-iinspeksyon ng mga gamot na kakailanganin sa kalamidad.
  - Nagsasagawa ng plano na isasakatuparan sa araw ng kalamidad.
  - Nakikipag-ugnayan sa *Transportation Committee* sa paggamit ng sasakyan na maaaring magamit sa panahon ng pangangailangan; sa *Rescue Committee* para sa maaaring *casualties* na maiiwan sa gitna ng sakuna.
2. *Vice Chairman* – Nagsisilbing *principal assistant* sa pagkaliban ng *Chairman* at kasamang grupo.
3. *Physician / Midwife* – Pangangalaga sa mga may malubhang karamdaman sa panahon ng sakuna.
4. *Group 1, 2, & 3* – Aalalay sa mga mamamayang lilikas at magsasagawa ng kaukulang *first aid*.

## 2. HAZARD MAPPING



Ang *Hazard Mapping* ay isang mahalagang gamit (*tool*) upang malaman ang kalakasan at kahinaan ng isang komunidad sa nag-aambang kalamidad o panganib. Isa rin itong paraan upang pag-aralan ang *natural phenomena* na may malaking epekto sa isang apektadong lugar. Mahalagang pag-ukulan ng pansin ng Malanday ang pagtaas ng tubig o galaw ng Ilog ng Marikina. Maaring hindi mapigilan ang pagtaas ng mapaminsalang baha ngunit may kakayahan ang barangay na iwasan o bawasan ang epekto ng disaster na dulot nito sa pamamagitan ng *hazard map*.

Isang layunin ng *hazard map* ay magbigay ng impormasyon ng posibleng pagkasira ng lugar, at mga hakbang upang maiwasan o mabawasan ang mga ito. Ang Malanday, sa pamamagitan ng isang *workshop*, ay nakapaghandang ng *hazard, population* at *resource maps*:

1. Nagbuo ng mga grupo ayon sa mapang gagawin: *Vulnerable Population Map, Hazard Map* at *Resources Map*.
2. Nagtalaga ng mga lugar kung saan lamang gagawin o ilalapat ang ginawang mapa.
3. Inisa-isa ng mga grupo ang mga elemento, kahinaan at kalakasan ng mga nasabing lugar (Halimbawa, mga materyales na ginamit sa mga bahay, saan masikip ang mga kalye, kung meron o walang sapat na suplay ng tubig sakaling magkasunog, atbp.)

4. Lumikha ng mga senaryo na may kaukulang pamamaraan ng paglikas.
5. Inobserbahan at nagsagawa ng *transect walk* sa mga pamayanan.
6. Humingi ng mga impormasyon at lokal/tradisyunal na mga kaalaman ukol sa pagbaha.
7. Pag-aralan ang *history* o nakaraan ng lugar (Halimbawa, kailan ang huling mataas na pagbaha, ang pinakamalaking sunog, mga dahilan, atbp.)
8. Pinag-aralan at inayos ang mga *secondary information* o datos upang mas lalong mapagbuti ang mga mapa.

Ang mga mapang ito ay makapagbibigay ng tamang impormasyon ng mga taong maaring nasa pinakamataas na antas ng sakuna o disaster. Makakatulong ito sa pagturo ng mga ligtas na lugar para sa paglikas at mga hakbang upang maiwasan ang mga kalamidad.

Magagamit din ang mga ito ng mga namumuno upang magbuo at maghanda ng mga *teams* na syang magdudulot ng serbisyo at tulong sa pag-iwas sa mapaminsalang epekto ng kalamidad o disaster. Ito rin ay makakatulong sa pagkakaroon ng *early warning system, communication protocol* at *evacuation procedures*.

## *Hazard Map ng Malanday*



*Hazard map* ng Malanday na nagpapakita ng magkakaibang uri o lalim ng baha tulad ng mga sumusunod:


- a. **Pula** – *high risk* o maibilis at mapaminsalang baha (*flashflood*)
- b. **Narangha** – *medium risk*
- c. **Dilaw** – *low risk*

## Resource Map ng Malanday



Ang *resource map* ay nagpapakita ng mga ari-arian ng pamahalaan at pribadong mamamayan na maaaring makatulong sa panahon ng pangangailangan. Naipapakita din dito ang mga pag-aari na maaaring mapinsala kung sakaling magkaroon ng kalamidad dulot ng malakas na ulan o bagyo.

*Vulnerable Population Map ng Malanday*



VULNERABLE POPULATION		
Mga Problema	Mga Lugar/ Areas	Mga Responsible
1. Pagka- <i>block</i> ng mga kabahayan	1. Lower Malanday – 25% (13,000)	1. LGU
2. Makikitid na iskinita at kalye	- 285 Libis Malaya	2. Barangay
3. Maling pamamaraan ng pagtapon ng basura	- Lower Libis Bulelak	3. Mga residente
4. Kakulangan sa kooperasyon at disiplina	2. Medium/Middle Malanday – 35% (18,200)	4. Mga guro
5. Pagdami ng populasyon/ <i>over population</i>	- Minahan, Interior	5. <i>Social service</i>
6. Mga uri ng kabahayan: <i>shanty</i> , mga gawa sa <i>light materials</i> , <i>semi-concrete</i> , <i>concrete</i>	- Purok 1-7	
7. Pasilidad ng tubig	- Paradise	
8. Kabit ng kuryente	3. Upper Malanday- 40% (20,800)	
9. Kalinisan	- Lahat ng subdibisyon	
10. Paradahan/ <i>Parking lots</i>	- Upper Bulelak	
	- Minahan Main	
	- Loyola Grand Villas	
	- Sta. Lucia / Wood Ridge Heights	
	- Malaya	
	- JP Rizal	




*Masisikip na daanan, mga bahay na gawa sa light materials, kakulangan sa pasilidad sa tubig ay ilan lamang sa mga problema ng mga bulnerableng pamilyang nakatira sa high-risk areas ng Malanday.*

### 3. KOMUNIKASYON at mga BABALA/ EARLY WARNING SYSTEM (EWS)

Mahalaga ang papel ng tuloy-tuloy at epektibong komunikasyon sa mga panahon ng kalamidad at biglaang pangangailangan. Isang gabay ang malinaw na komunikasyon para sa maaga at mabilis na aksyon upang maiwasan ang disaster. Ang mga babala at abisong natatanggap mula sa NDRRMC at ibinababa sa lokal na pamahalaan ay syang basehan ng mga gagawing *advisories* at susunod na hakbang ng barangay. Ito ang makapagsasabi kung kailan dapat lumikas ang mga tao (*preemptive evacuation*), lalu na't tulad ng sa Malanday, ito ay populasyong nakatira sa *high risk areas* sa pagtaas ng tubig-baha.

Makatutulong rin kung ang lokal na pamahalaan o barangay ay may sapat na gamit sa komunikasyon at may pamamaraan ng pagahahatid ng mga mensahe, babala at *advisories* sa mga residente.



**Flowchart ng Komunikasyon ng Barangay -Malanday**

### Imbentaryo ng Kasalukuyang Gamit sa Komunikasyon ng Malanday

	<b>Bilang o Yunit</b>	<b>Gamit</b>	<b>Mga Puna</b>
1. Telepono	2	<ul style="list-style-type: none"> <li>• 941-6106 – para sa lahat ng pumapasok at lumalabas na mensahe</li> <li>• 942-1346 – para sa mga reklamo at reports</li> </ul> <p style="text-align: center;">- <i>For emergency purposes</i></p>	-lahat ay gumagana at maayos  <i>-HOTLINE</i>
2. <i>VHF Radio</i>	1-base type  14-hand held	Para sa paguulat ( <i>reporting</i> )	
3. Pito	150	Gamit ng bawat Barangay Tanod	Maaring gamitin bilang <i>signal equipment</i>
4. <i>Fax Machine</i>	1	Para sa mga pumapasok at lumalabas na mga komunikasyon (941-6106)	
5. <i>Radio Broadcast</i>	<i>City Government Broadcast Station</i>	Para sa mga maagang anunsyo at pamaamahagi ng maagang impormasyon sa paghanda	
6. <i>Mobile Patrol with Siren</i>	2	Para sa impormasyon ng publiko at <i>public address system/warning</i>	
7. Trak na pamatay sunog	1	Para sa impormasyon at <i>public address system/warning</i>	
8. Kompyuter	4	<p>Para sa paghahanda ng mga <i>advisory</i>, programa at pagpapadala ng mga komunikasyon sa pamamagitan ng <i>e-mail</i>.</p> <p>Pagkalap ng mga datos</p> <p>Pananaliksik</p>	
9. <i>Megaphone</i>	1	Para sa impormasyon at <i>public address system/warning</i>	



## Mga Elemento ng *Early Warning System* (EWS)



**Kaalaman sa Risiko (*Risk Awareness*).** Magigiging epektibo lamang ang mga pagpapalano at paghahanda ng komunidad kung nalalaman ng mga tao ano ang panganib na dapat matyagan. Sa lagay ng Malanday, ang pagtaas ng tubig sa ilog Marikina ay isa sa dapat nilang bantayan dahil ang pagbaha ay ang pangunahing sakuna/peligro na nagbabanta sa kanilang lugar.

**Pagmamatyag at Babala (*Monitoring and Warning*).** Mahalagang gamitin ng Malanday ang kanyang kaalaman sa pagsukat ng tubig-ulan sa pamamagitan ng *rain gauge* at *flood markers*, at kung gaano kabilis ang pagtaas ng tubig sa ilog Marikina sa bawat malalakas na pag-ulan. Base sa kanilang mga pagbabantay (*monitoring*) at sa mga *warning stages* na nakalatag, makakapagdesisyon ang komite ng mga angkop na hakbang tulad ng pagkalat ng mga babala o ang tamang oras ng paglikas ng mga populasyong nasa peligrosong lugar.

**Komunikasyon.** Kung mabagal o mabilis ang pagtaas ng tubig at may sapat na oras ang mga taong maghanda lumikas, ang komite sa komunikasyon ay kinakailangang maiparating at maglabas ng babala sa mga bahay-bahay sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan tulad ng sirena, bandilyo o pag-ikot ng anunsyo sa barangay.

**Kapasidad.** Kasabay nito ay nakahanda rin ang mga yunit ng lokal na pamahalaan ng Malanday para sa mga gagawing pagsagip (*rescue*) at paglikas (*evacuation*). Tiyaking may mga tauhan sa mga *evacuation centers* at may sapat na *relief goods* at *supplies* para sa mga lilikas.

Ang *disaster prevention* ay posible! Kaya mahalagang may mga babala at *early warning system* (EWS) ang mga barangay.

Madaling makakapag-disenyo ng EWS at *action plans* kung may payak na kaalaman sa mga mga babalang ibinababa ng *Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration* (PAGASA) para sa bagyo:

- *Public Storm Warning Signal No. 1* = Hanging may taglay na lakas na 30 - 60 KPH, inaasahan sa loob ng 36-72 oras.
- *Public Storm Warning Signal No. 2* = Hanging may taglay na lakas na 61 - 100 KPH inaasahan sa loob ng 24-36 oras.
- *Public Storm Warning Signal No. 3* = Hanging may taglay na lakas na 101 - 185 KPH inaasahan sa loob ng 18-24 oras.
- *Public Storm Warning Signal No. 4* = Hanging may taglay na lakas na hihigit sa 185 KPH at inaasahan sa loob 12 oras.



Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee Action Plan  
(Base sa Babala ng Bagyo #2 at #3)

Signal #2	Mga Aksyon ng Barangay Council	Mga Aksyon ng Disaster Task Units	Mga Aksyon ng Komunidad
Signal #2	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Gawing komite ang lahat ng <i>Action Teams</i></li> <li>▪ Magkaroon ng <i>Hazard Assessment and identification of resource capacity</i> ng barangay</li> <li>▪ Para sa tamang oryentasyon ng panganiib ng <i>hazard</i> o kalamidad, dapat magkaroon ng pagtatasa (<i>assessment</i>) ng: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Bulnerabilidad ng barangay (pisikal, panlipunan, pangkabuhayan)</li> <li>2. Ilang pamilya o populasyon ang nanganganib</li> <li>3. Paglikas base sa kasalukuyang panganiib</li> <li>4. <i>Resource capacity</i> ng barangay para gawin ang anumang aksyon</li> <li>5. Alamin ang mga kakulangan na maaring punan sa pamamagitan ng paghingi ng tulong sa iba pang mga ahensyang pribado o pampubliko</li> </ol> </li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Unahin ang paglikas habang nakahanda ang <i>Rescue Team</i></li> <li>▪ Magkaroon ng <i>Evacuation Plan</i> kung saan nakapaloob ang mga <i>early warning system</i>, mga pamamaraan at <i>communication protocol</i>. Makakatulong ang mga ito sa mabilis at maayos na pagkilos ng populasyon. Mahalagang nalalaman at naiintindihan ng komunidad ang bakit, kalian at paano ang paglikas upang madali silang palikasin sa mga ligtas na lugar.</li> <li>▪ Pakilusin ang mga komite: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. <i>Warning and communication committee*</i></li> <li>2. <i>Relief**</i></li> <li>3. <i>Security**</i></li> <li>4. <i>Medical**</i></li> <li>5. <i>Transportation**</i></li> <li>6. <i>Communication*</i></li> <li>7. <i>Evacuation*</i></li> </ol> </li> <li>▪ Magpulong, maghanda at magtasa</li> </ul> <p>*Pinakamahalagang komite **Komiteng pang-suporta</p>	<p>Dalawang uri ng populasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Bulnerableng populasyon – para sa kaukulang aksyon</li> <li>2. Ligtas na populasyon – para sa kaukulang tulong at suporta=</li> </ol>
Signal #3		<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Pakilusin ang mga <i>task units</i> ngunit magpokus sa pagpapatupad ng mga plano</li> </ul>	<p>Siyasatin ang taas ng tubig/kundisyon/ lagay ng ilog para sa <i>final advisory</i>; makipagtulungan sa <i>barangay council</i> kung ano pa ang mga nararapat na hakbang at gawain.</p>

## FLOOD WARNING CRITERIA at ACTION PLANS NG MALANDAY

Antas ng Babala	Taas ng Tubig-Ilog	Pagkilos o Pagbabago ng Tubig	Mga Planong Aksyon
0 - Normal	12 metro	- hindi lumalampas sa 12 metro	- Normal na gawain ng komunidad
1 – <i>Alert Stage</i>	12.5 metro	- Pagtaas ng tubig-ilog - pagkulay kape ng tubig	- Mag-monitor ang <i>River Watch Team</i> sa kundisyon at taas ng tubig-ilog, magdokumento at magulat sa Punong Barangay para sa kaukulang desisyon at aksyon  - Mag-monitor ang <i>Rain Gauge Team</i> ng tubig-ulan, magdokumento at magulat sa Punong Barangay para sa kaukulang desisyon at aksyon  - Maglabas ang Punong Barangay ng <i>advisory</i> na isasailalim ang Malanday sa <b><i>Alert and Monitoring Status</i></b>
2- <i>Preparedness Stage</i>	14 metro	- Patuloy na pagtaas ng tubig-ilog na may kasamang mga nasirang halaman at lupa  - Malabo at maputik ang tubig-ilog ( <i>water turbidity</i> )  - pagbabago ng amoy ng tubig-ilog	- Maglabas ang Punong Barangay ng <i>advisory</i> na isasailalim ang Malanday sa <b><i>Preparedness Status</i></b> .  - Pagsuspende ng mga klase sa eskwelahan  - Pag-abiso sa mga bulnerableng populasyon na maghanda sa paglikas  - Pagpapatawag ng <i>emergency meeting</i> ang <i>Barangay Council</i> para pag-aralan ang risiko at magtasa ng <i>resource capacity</i>
3- <i>Evacuation Stage</i>	15 metro	- Mataas at kritikal na taas ng tubig na posibleng makasira ang dulot na pagbaha  - May mabibigat na mga halaman (gaya ng puno), lupa at basura	- Maglabas ang Punong Barangay ng <i>advisory</i> na isasailalim ang Malanday sa <b><i>Evacuation Status</i></b> .  - Paglilikas at mobilisasyon ng mga tulong suporta  - Gumawa ng ulat na isusumite sa CDRRMC para sa inpormasyon at posibleng suporta  - Pakilusin ang ibang <i>action teams</i> gaya ng <i>Security, Transportation, Medical, at First Aid</i> para sa pagmobilisa ng kanilang mga plano

## Mga Purok at Populasyong nasa Panganib 17 metro Taas ng Tubig

Purok	Populasyon ng Barangay			Evacuation Center		Populasyon na may Ligtas na Paglikas
	Total	Bulnerable	Ligtas	Pangalan	Kapasidad	
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ 285 Libis Malaya</li> <li>▪ Lower Bulelak</li> <li>▪ Libis Bulelak</li> <li>▪ Minahan</li> <li>▪ Landless</li> <li>▪ Paradise</li> <li>▪ Purok 1 – Purok 7</li> </ul>	60,000 katao	27,000	33,000	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Malanday Elem. School</li> <li>▪ Aglipay Church</li> <li>▪ Malanday Brgy. Hall</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ 252 pamilya</li> <li>▪ 10 pamilya</li> <li>▪ 35 pamilya</li> </ul>	4,721 pamilya



Tuason Community Center Foundation, Inc. (TCCFI)



*Mahalaga ang tuloy-tuloy na pag-monitor sa tubig-ilog. Ang anumang abiso kung mabilis na maipararating sa mga kinauukulan ay magbibigay ng karampatang panahon sa maagang aksyon at tiyak na kaligtasan.*

**Bahang Tulad ng Sa Ondoy (23 metro Taas ng Tubig)**

Purok	Populasyon ng Barangay			Evacuation Center		Populasyon na may Ligtas na Paglikas
	Total	Bulnurable	Ligtas	Pangalan	Kapasidad	
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ 285 Libis Malaya</li> <li>▪ Lower Bulelak</li> <li>▪ Libis Bulelak</li> <li>▪ Minahan</li> <li>▪ Landless</li> <li>▪ Paradise</li> <li>▪ Purok 1 – Purok 7</li> </ul>	60,000 katao o 1,100 pamilya	80% = 48,000 katao o 8,000 pamilya	20%	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Malanday Elem. School</li> <li>▪ Aglipay Church</li> <li>▪ Malanday Brgy. Hall</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ 20,000 katao / 2,333 pamilya</li> <li>▪ 100 katao / 17 pamilya</li> <li>▪ 240 katao/ 60 pamilya</li> <li>▪ Total: 20,340 katao o 3,410 pamilya</li> </ul>	27,660 katao o 4,590 pamilya

**Paalala:** Ang Mababang Paaralan ng Malanday ay may 63 silid-aralan na kaya lamang ang anim na pamilya kada kwarto o 378 pamilya.



*23 metro taas ng tubig at higit pa*

*Ang Marikina sa pagsalanta ng bagyong Ondoy.*



## Mga Halimbawa ng *Advisories*



### **BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COMMITTEE**

Barangay Disaster Operation Center  
Barangay Malanday, Marikina City

#### **BDRRMC ADVISORY No. 1**

Bagyong Jose

Ika-\_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_

Ang paparating na Bagyong Jose ay maaring magdulot ng kapinsalaan sa ating kabuhayan at mga ari-arian. Kaya kailangan natin na maging handa upang maiwasan ang pinsala na maaaring idulot ng malakas na pag-ulan na dala ng Bagyong Jose. Ang Marikina City DRRMC ay nagkaroon ng kaagarang pagpulong noong \_\_\_\_\_ at inilagay ang Marikina City sa **ALERT AND MONITORING STATUS**. Kaugnay nito, ang Barangay Malanday ay pinapayuhan na gumawa ng kaukulang paghahanda para sa kaligtasan ng mga nasasakupan nito:

1. Muling ipinaaalala na ang layunin ng ating barangay sa panahon ng sakuna at maagang paglikas ay **zero casualty** at **HINDI** ang pagsagip.
2. Dahil sa banta ng pagtaas ng tubig sa Marikina River, ang **BDRRMC Communication and Warning Committees** ay inaatasan na obserbahan oras-oras ang kalagayan ng tubig sa Marikina River mula sa iba't-ibang monitoring stations at magbigay ng ulat ukol dito sa BDRRMC Chairman.
3. Gayon din, ang lahat ng **purok leaders** lalo na sa mabababang lugar ay pinapayuhan na mag-observa ng Marikina River at ipagbigay alam sa BDRRMC Chairman ang nakitang di pangkaraniwan na pagtaas ng tubig sa ilog.
4. Ang BDRRMC ay magpupulong upang muling pag-aralan ang mga plano sa paglikas ng mga pamilya at upang siguraduhin na ang lahat ng evacuation centers ay handang tumanggap ng mga lilikas.
5. Ang **Evacuation Committee** ng BDRRMC ay magsasagawa ng pagrepaso ng Master List ng mga pamilya sa mga lugar na madalas bahain (nasa RED Zone) at magbibigay ng ulat sa BDRRMC para sa pagpapalano at paglalaan ng tulong or serbisyo.
6. Ang BDRRMC **Communication and Evacuation Committee** ay inaatasan na payuhan ang lahat ng mga pamilya sa mabababang lugar na maging alerto at maghintay sa mga susunod na Advisory na magmumula sa Punong Barangay.  
Ang bawa't pamilya ay dapat maghanda ng kanilang **evacuation kit** na naglalaman ng mga sumusunod: damit, higaaan, kumot, gamot, supot na plastic, flashlight, silbato o pito, baterya, kandila, kapote, pagkain na madaling lutuin, inumin, at mga gamit sa pagluluto.
7. Ang BDRRMC kasama ng iba pang mga ahensya ng gobyerno ay dapat na mag-imbentaryo at mag-inspeksyon ng lahat ng mga gamit tulad ng mga sasakyan, rubber boats, ambulansya, at generators upang masiguro na ang mga ito ay magagamit. Mahalaga na ang mga ito ay nasa mahusay na kalagayan at kung kinakailangan na kumpunihin, ay ipagbigay alam kaagad sa BDRRMC.
8. Ang lahat ng miyembro ng BDRRMC ay inaatasan na patuloy na antabayanan ang lahat ng babala ukol sa Bagyong Jose na magmumula sa PAGASA, NDRRMC, at MDRRMC sa pamamagitan ng radyo at telebisyon.

Para sa mahigpit na pagsunod.

**JOSEPH N. BRIONES**

Punong Barangay at BDRRMC Chairman



**BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COMMITTEE**

Barangay Disaster Operation Center  
Barangay Malanday, Marikina City

**BDRRMC ADVISORY No. 2**

Bagyong Jose

Ika-\_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_

Ayon sa PAGASA Severe Weather Bulletin No. \_\_\_\_ na ipinalabas nang ika-\_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, ang Babala ng Bagyo Bilang 2 ay itinaas na sa kabuohan ng Metro Manila kasama na ang Marikina City. Dahil dito ang Barangay Malanday ay inilalagay sa **PREPAREDNESS STAGE** para sa pagbaha at sa iba pang epekto ng bagyo. Sa oras na ito, ang taas ng tubig sa Marikina River ay nasa \_\_\_\_\_ metro.

Dahil dito, ang lahat ay pinapayuhan ng mga sumusunod:

1. Ang pasok sa eskwelehan ng elementarya at high school ay suspendido.
2. Ang lahat ng miyembro ng BDRRMC at mga tauhan nito ay inaatasan na maging handa sa anumang oras. Asahan na maari din silang ipatawag sa susunod na 24 oras. Ang lahat ng mga gawain na nauna nang naitakda ay suspendido bilang paghahanda sa maaaring banta na dulot ng paparating na bagyo.
3. Iwasan ang paglapit sa Marikina River upang maligtas sa posibleng sakuna.

Ang BDRRMC ay pinapayuhan na subaybayan ang lahat ng impormasyon ukol sa bagyo at pagbaha na manggagaling sa iba't-ibang Rainfall at River Watch Stations, at patuloy na makipag-ugnayan sa Marikina City DRRMC.

Para sa mahigpit na pagsunod.

**JOSEPH N. BRIONES**

Punong Barangay at BDRRMC Chairman



**BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COMMITTEE**

Barangay Disaster Operation Center  
Barangay Malanday, Marikina City

**BDRRMC ADVISORY No. 3**

Bagyong Jose

Ika- \_\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_

Ayon sa PAGASA Severe Weather Bulletin No. \_\_\_\_ na ipinalabas nang ika-\_\_\_\_ ng \_\_\_\_\_, ang Babala ng Bagyo Bilang 3 ay itinaas na sa kabuohan ng Metro Manila kasama na ang Marikina City. Dahil dito ang Barangay Malanday ay inilalagay sa **EVACUATION STAGE**.

Dahil dito, ang lahat ay pinapayuhan ng mga sumusunod:

1. Ang pasok sa eskwelahan sa lahat ng antas ay suspendido.
2. Ang lahat ng BDRRMC Committees at mga miyembro nito (warning, communication, evacuation, security, transportation, medical, relief, etc.) ay inatasan na agarang ipatupad ang Preparedness Plans upang maiwasan ang sakuna. Ang kagyat na paglikas ng mga pamilya sa RED at ORANGE zones ay mahigpit na ipinag-uutos.
3. Ang lahat ng natukoy na evacuation centers ay buksan at ihanda para sa pagtanggap ng mga lilikas na pamilya.
4. Ang BDRRMC ay pinapayuhan na subaybayan ang lahat ng impormasyon ukol sa bagyo at pagbaha na manggagaling sa PAGASA, at patuloy na makipag-ugnayan sa Marikina City DRRMC.
5. Ang Barangay Disaster Operation Center (BDOC) ay idinideklarang bukas para sa 24 oras na operasyon. Ang BDRRMC Secretariat ay siyang mangangasiwa ng BDOC at ang miyembro nito ay magbigay serbiyo sa loob ng 12 oras na paghahalili.

Para sa mahigpit na pagsunod.

**JOSEPH N. BRIONES**

Punong Barangay at BDRRMC Chairman



## 4. BABALA SA BAHA AT PAGLIKAS: ISANG PAGSASANAY (FLOOD WARNING and EVACUATION DRILL)


Ang Malanday ay nakapagsagawa ng matagumpay na *flood warning at evacuation drill* na dinaluhan ng 143 pamilya at 111 bisita mula sa iba't ibang grupo at organisasyon, ay naganap noong Disyembre 4, 2010 . Nasubukan ng dril ang paglalapat ng *Contingency Plan* ng barangay sa panahon ng pagbaha at kung gaano kaepektibo ang *Camp Management* nito. Sa mas marami pang pagsasanay at praktis, ang komunidad ng Malanday ay tiyak na makakamit ang “*zero casualty*” sa anumang uri ng kalamidad.

Ang tagumpay ng dril ay dala ng pagkabuo ng komite para sa babala at paglilikas, pagtatalaga ng *evacuation center, operations center* at ang masinsinang pagtatrabaho ng mga konseho. Ngunit pinaka mahalaga sa lahat ang pakikipagtulungan ng mga lider opisyal ng Barangay Malanday at mga residente nito.

Ang  
tagumpay ng  
isang community drill  
ay maari lamang  
kung nagkakaisa  
ang pamunuan  
ng barangay at  
mga residente nito  
na paunlarin ang  
kulturang  
mapaghanda  
para makamit ang  
zero  
casualty.



**Organisadong Istruktura ng Camp Management  
ng Mababang Paaralan ng Malanday**



**Mga Miyembro Ng Malanday Elementary School Camp Management Team:**

Chairman - Mr. Lino P. De Guzman

Communication Group - Mr. Mariano Tardio, Mr. Ronaldo Jacinto, Ms. Loida Servito

Monitoring and Evaluation Group - Ms. Olive Estanislao, Mr. Eddie Demalgen

Processing Group - Ms. Alice Quintas, Mr. Rey Adorna, Ms. Shirley Verano

Kitchen Group - Ms. Virginia De Jesus, Mr. Ariel Casas, Mr. Mico De Leon

Relief Good Group - Ms. Jean Dioayan, Ms. Ester Ronabio, Ms. Loida Servito

Maintenance Group - Mr. Mariano Tadio, Mr. Edwin Lardizabal, Mr. Jesus Allorde, Ms. Ma. Juvy Atendido

Protective and Security Group - Mr. Paul Rodil Ditalo, Mr. Ronald Jacinto, Mr. Leonardo Rile, PNP, Barangay Tanod

Medical Group - Ms. Leonora De Leon, Ms. Jovita Consorcia Mani



### **Mga Tungkulin:**

#### **Evacuation Center (EC) Chairman**

- Responsable sa pangkalahatang pamamahala at pangangasiwa ng *evacuation center*.
- Nakikipagtulungan sa mga opisyal ng barangay ukol sa mga gawaing paglikas.
- Tumutulong sa mga organisasyon sa mabilis na paglalaan ng mga *relief goods* at iba pang mga pangangailangan.
- Nakikipagtulungan sa mga pambansa at lokal na pamahalaan at iba pang agensyang sangkot sa mga gawaing paglikas.
- Nagsusumite ng mga ulat ng pangkalahatang aspeto ng paglikas.

#### **Monitoring and Evaluaton Group (MEG)**

- Tinutulong ang EC *Chairman* sa pag tasa ng mga sitwasyon sa senter.
- Naghahanda ng mga kailangang ulat o dokumentasyon ukol sa mga gawaing paglikas.
- Gumagawa ng regular na *monitoring* at pagsasaysay ng sitwasyon sa loob ng senter.
- Gumagawa ng iba pang mga tungkuling maaring italaga ng EC *Chairman*.

#### **Communication Group**

- Responsable sa lahat ng komunikasyong matatanggap mula sa iba't ibang ahensya.
- Nakikipagtulungan sa mga sangkot na opisyal ng barangay ukol sa mga *advisories* at babala.
- Tumutulong sa EC *Chairman* sa pagpapadala at pagtanggap ng iba't ibang komunikasyon.
- Pag-aayos ng *communication room* na may kinakailangang kagamitan sa komunikasyon.
- Sumisiyasat at nangangalaga sa mga mahahalagang numero (telepono, *cellphone*) para sa mabilis at tamang komunikasyon sa mga sangkot na ahensya.
- Nagmementena ng patuloy na komunikasyon sa bahagi ng *Communication* at *Warning Groups* ng barangay at iba pang mga ahensya upang makaakson ng ayon ang EC *Chairman*.



### **Processing Group (PG)**


- Naghahanda ng mga *processing forms* na gagamitin sa pagrehistro at pagproseso ng mga lumikas.
- Tumatangap sa mga lumikas para sa wastong pagrehistro.
- Naghahanda ng mga materyales na gagamitin sa oryentasyon.
- Namamahala sa oryentasyon ng mga lumikas ukol sa mga polisiya, batas at regulasyon na susundin sa loob ng *evacuation center*.
- Naghahatid sa mga lumikas sa kani-kanilang *room assignment*.
- Naghahanda ng mga ulat ukol sa gawain ng grupo.

### **Kitchen Group (KG)**

- Naghahanda ng imbentaryo ng kusina tulad ng mga kasangkapang gagamitin.
- Responsable sa paghahanda ng pagkain at pamamahagi nito sa mga lumikas.
- Responsable sa pag-aayos ng *mess hall* kung saan kakain ang mga lumikas; gayun din ang pagtakda ng oras ng pag-kain.
- Namumuno sa tamang paggamit at kaayusan ng kusina sakaling magluluto ang mga lumikas.
- Responsable sa pagbawi, pagsauli ng mga kagamitan sa kusina at ang pangangalaga ng mga ito.
- Gumagawa ng mga kinakailangang ulat.

### **Relief Goods Group (RGG)**

- Tumatanggap sa lahat ng mga *relief goods* na dumarating o dinadala sa senter. Lahat ng *relief goods* ay dapat na may wastong dokumentasyon at listahan.
- Nangangasiwa sa akmang pamamahagi ng mga *relief goods* sa mga lumikas at nakikipagtulungan sa PG para sa *master list* ng mga lumikas at *room assignments*.
- Tumutulong sa mga *donors* na nais direktang mamahagi ng kanilang donasyon sa mga lumikas.
- Naghahanda ng mga kinakailangang ulat.



### **Maintenance Group (MG)**

- Responsible sa pangkalahatang pangangalaga ng kagamitan at pasilidad sa senter, at sinisiguradong lahat ay gumagana ng mahusay.
- Responsible sa pangkalahatang kalinisan ng senter habang tinitingnang maigi na malinis ang mga palisidades at nakokolekta ng maayos ang mga basura.
- Naghahanda ng mga kinakailangang ulat.


### **Protective & Security Group (PSG)**

- Responsible sa pangkalahatang kapayapaan at katahimikan sa loob ng senter.
- Responsible sa pagsasagawa ng *security check* para sa seguridad ng mga gamit sa paaralan upang ang mga ito ay ligtas sa bandalismo, pagnanakaw, atbp.
- Naghahanda ng mga kinakailangang ulat.

### **Medical Group (MG)**

- Responsible sa pangkalahatang pagmentena ng kalusugan ng mga lumikas sa loob ng senter.
- Namumuno sa *check up* ng mga lumikas na may sakit at nagbibigay ng sapat na gamot o lunas sa mga ito.
- Naghahanda ng mga kinakailangang ulat.

*Flowchart ng mga Tungkulin ng Malanday Elementary School Evacuation Committee*





**Paglaan ng Pagkain: *Kitchen Group***


Ihahanda ng Kitchen Group ang lahat ng kagamitan at kasangkapan sa kusina

Ihahanda ng Kitchen Group ang Mess Hall

**Kung may *Mass Cooking***




**Kung magluluto ang mga lumikas**






**Pamamahagi ng *Relief Goods*:**

**Kung ang *Evacuation Center* ang tatanggap ng mga *relief goods* at mamamahagi ng mga ito sa lumikas**



**Kung nais ng *donors* mamahagi ng *relief goods***



**Tandaan: Lahat ng pamamahagi ay mahalagang maitala at maidokumento.**



## Mga Pangangailangan sa *Evacuation Center*

Ang mga sumusunod ay mga kailangang ihanda sa pagtatalaga ng lugar ng paglikas ng mga tao sa apektadong lugar.

1. Mga polisiya, batas at regulasyon na susundin sa loob ng senter
2. Pag-identipika at pagpili ng mga pisikal na lugar:
  - *Registration area*
  - *Holding Room* para sa pagproseso at oryentasyon ng mga lumikas
  - *Room assignments* para sa mga lumikas
  - *Medical room*
  - *Storage room* para sa mga *relief goods*
  - *Kitchen area*
  - *Security area*
  - *Command post*
3. Pag-identipika ng *manpower complement* ng bawat grupo
4. Kunin ang listahan ng mga lilikas sa *Evacuation Committee Chairman*, kung maari.
5. Pagtatatag ng linya ng koordinasyon ng mga opisyal ng barangay, siyudad at iba pang ahensya ng gobyerno na sangkot sa disaster at *relief operations*.



## Mga Pangkalahatang Polisiya

1. Lahat ng mga lumikas ay dapat naka-rehistro at na-proseso sa *evacuation center*.
2. Kung posible, may *medical checkup* ang mga sasali upang masiguro ang kanilang kalusugan.
3. Bigyan ang lahat ng lilikas ng oryentasyon sa polisiya, batas at regulasyon na susundin sa loob ng *evacuation center*.
4. Lahat ng *relief goods* ay kailangang may wastong listahan at dokumentasyon.
5. Lahat ng *relief goods* ay kailangang maipamahagi ng sapat sa mga lilikas.
6. Mahigpit na ipatupad ang kaayusan at katahimikan sa loob ng *evacuation center*.
7. Panatilihin ang kalinisan ng *evacuation center*.
8. Ang regular na pagmo-*monitor* sa mga lumikas ay mahalaga upang kaagarang mailapat ang anumang pangangailangan nila.
9. Ang mga lumikas ay tutulong sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan sa senter.



**TAGPONG GABAY PARA sa *FLOOD WARNING* at *EVACUATION DRILL***

ORAS	<p align="center"><b>Tagpo sa Brgy. Malanday</b> <b>Uri ng Hazard: PAGBAHA</b></p>
8:30 AM	<i>Weather Bulletin</i> # ____
8:45 AM	<p><i>Warning Level #1</i>: Pagtaas ng tubig-ulan na umaabot sa 12 metro ng <i>flood marker</i> sa tulay ng Marikina.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Tatanggap ang <i>Warning Committee</i> ng impormasyon galing sa MCDRRMC sa pamamagitan ng <i>VHF radio</i> at ipapasa ito sa <i>BDRRMC Chairman</i>.</li> <li>• Titiyakin ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang ulat ukol sa lagay ng ilog Marikina.</li> <li>• Ipapatawag ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang <i>Konseho</i>.</li> <li>• Ilalabas ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang <i>Advisory #1</i> na naglalagay sa Brgy. Malanday sa ilalim ng <b><i>ALERT &amp; MONITORING STATUS</i></b>.</li> <li>• Ang <i>Communication Committee</i> ay makikipag-ugnayan sa mga lider ng purok na nakatalaga sa kanila upang ipasa ang <i>Alert and Monitoring Status</i> ng barangay.</li> <li>• Kukunin ng mga lider ng <i>Warning at Communication Committees</i> ang lagay o kundisyon ng ilog galing sa iba't ibang <i>monitoring stations</i> at iuulat ito sa <i>BDRRMC Chairman</i>.</li> </ul>



*Magsagawa ng briefing at debriefing sa tuwing gagawin ang community drill. Lubos na maunawaan ng mga kalahok ang idadaloy ng pagsasanay at magagamit sa mga susunod pang dril ang resulta ng pagtatasa.*

9 AM	<p><i>Weather Bulletin # ___</i></p> <p><i>Warning Level #2</i> nakataas sa Kamaynilaan</p>
9:15 AM	<p><i>Warning Level #2</i>: Tuloy ang pagtaas ng tubig-ulan upang maabot ng ilog ang 13 metro sa <i>flood marker</i> sa tulay ng Marikina.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Makakatanggap ang <i>Warning Committee</i> ang ulat mula sa iba't ibang <i>monitoring stations</i> sa kundisyon ng ilog at ipapasa ito sa <i>BDRRMC Chairman</i>.</li> <li>• Makakatanggap ang <i>Warning Committee</i> ng ulat ng panahon # ___ mula sa PAGASA at susuriin ito. Ipapasa ang impormasyon sa pamamagitan ng pag-text o tawag sa <i>mobile phone</i> sa <i>Communication Committee</i>.</li> <li>• Ipapasa ng <i>Communication Committee</i> sa <i>BDRRMC Chairman</i> ang ulat sa pamamagitan ng <i>VHF radio</i>.</li> <li>• Pakikilusin ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang konseho at magtatawag ng <i>emergency meeting</i> sa <i>Barangay Disaster Operation Office (BDOC)</i>.</li> <li>• Ilalabas ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang <i>Advisory #2</i> na naglalagay sa Malanday sa ilalim ng <b><i>PREPAREDNESS STATUS</i></b>.</li> <li>• Pag-aaralan ng <i>BDRMCC</i> ang sitwasyon</li> <li>• Pag-aaralan ang planong paglikas at <i>relief</i>.</li> <li>• Mag-iimbentaryo ng mga <i>resources</i>.</li> <li>• Pag-aaralan ang listahan ng mga <i>donors</i> at iba pang mapagkukunan ng lokal na tulong.</li> <li>• Uutusan ng <i>BDRRMC Chairman</i> ang <i>Warning Committee</i> na simulan ang oras- oras na pagmo-monitor at pag-uulat ng kundisyon ng ilog.</li> </ul>
9:30 AM	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Patuloy ang pagkoordinang <i>Communication Committee</i> sa <i>Warning Committee</i> para sa mga <i>updates</i>. Iaanunsiyo sa pamamagitan ng <i>megaphone</i> ang <i>advisory</i> sa mga pamilya na nasa <b><i>RED ZONE</i></b> upang maihanda sila sa paglipat sa <i>evacuation center</i> (Mababang Paaralan ng Malanday).</li> <li>• Kikilalanin ng <i>Evacuation Committee</i> ang mga <i>vulnerable communities</i> at populasyon. Titiyaking bukas at handa ang <i>evacuation center</i> sa mga darating na <i>evacuees</i>.</li> <li>• Isususpende ng DepEd ang klase sa mga paaralan.</li> </ul>

<p>10 AM</p> <p>10:15 AM</p> <p>11 AM</p>	<p><i>Weather Bulletin # ___</i></p> <p><i>Warning Level 3: Patuloy ang pagtaas ng tubig-ulan upang maabot ng ilog ang 14 metro sa flood marker sa tulay ng Marikina.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Makakatanggap ang <i>Warning Committee</i> ng <i>weather forecast #__</i> mula sa PAGASA at susuriin ito. Ipapadala sa pamamagitan ng <i>mobile phone</i> ang impormasyon sa <i>Communication Committee</i>.</li> <li>• Ipapasa ng <i>Communication Committee</i> ang impormasyon sa <i>BDRRMC Chairman</i>.</li> <li>• Makakatanggap ang <i>Warning Committee</i> ng <i>warning information #__</i> mula sa MCDRRMC sa pamamagitan ng <i>VHF radio</i> at ipapadala ang impormasyon sa <i>Communication Committee</i>. Kasabay nitong matatanggap ang ulat sa <i>monitoring</i> ng kundisyon ng ilog at <i>ire-report</i> ang mga ito sa <i>BDRRMC Chairman</i>.</li> <li>• Sisiyasatin ng <i>Evacuation Committee</i> ang <i>master list</i> ng mga pamilyang ililikas.</li> <li>• Magtatalaga ang <i>Transportation Committee</i> ng mga sasakyan sa mga napiling <i>pick-up points</i>.</li> <li>• Maglalabas ng <i>Advisory #__</i> ang <i>BDRRMC Chairman</i> na maglalagay sa Malandaysa ilalaim ng <b><i>EVACUATION STATUS – READY TO EXECUTE (ACTUAL EVACUATION PLAN)</i></b>.</li> <li>• Aabisuhan ng <i>Communication Committee</i> ang mga pamilya na maghanda sa paglikas at ihanda rin ang kanilang mga <i>evacuation kits</i>.</li> <li>• Aabisuhan ng <i>Communication</i> at <i>Evacuation Committees</i> ang mga lilikas na tumungo sa mga <i>pick-up points</i> kung saan naghihintay ang mga sasakyan. Ang iba ay maglalakad papunta sa <i>evacuation center</i>.</li> <li>• Tutulong ang <i>Transportation</i> at <i>Evacuation Committees</i> at mga boluntaryo (SK) sa pagsakay ng mga tao. Sasabihan ang mga drayber kung saan sila ihahatid</li> <li>• Ang <i>Security, Medical, Evacuation</i> at iba pang mga <i>support committees</i> ay itatalaga upang tumulong sa paglikas. Ang mga <i>barangay health workers</i> ay papupuntahin sa mga <i>pick-up points</i>.</li> </ul>
<p>11:30AM</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ganap na naisagawa ang <i>Evacuation Plan</i>.</li> <li>• Susunod ang <i>debriefing</i>.</li> <li>• <i>De-camp</i> at pamamahagi ng <i>relief packs</i> ng <i>Relief Goods Group</i>.</li> </ul>

## 5. MGA ARAL MULA SA COMMUNITY DRILL



Ang matagumpay na community drill ng Malanday ay sumubok kung gaano kaepektibo ang *contingency plan* ng baramgay. Isang pagtatasa ang isinagawa kasunod ng dril upang lalong gawing mabisa ang mga plano at mapino ang mga susunod na dril sa hinaharap, Paraan rin ito upang mapagtibay at mas mapalakas ang disenyo ng kanilang *contingency plan*:

### Warning Committee

- Magkaroon ng pagsasanay sa pag-aaral at analisa ng mga pabago-bagong lagay ng panahon at mga datos ng tubig-ulan upang mapag-igi ang paggamit ng mga impormasyong nasa *website* ng PAGASA.
- Suhestiyon na humingi sa PAGASA ng datos sa oras-oras na tubig-ulan ng Ondoy, nasaan ang pagbaha at oras ng pag-ulan sa Malanday noon. Ang pag-analisa ng mga datos ay makakatulong sa *mapping* ng mga pangyayari at paanong mas mapagbuti ng Malanday ang plano at disenyo ng *Early Warning System* nito.
- Laging padaanin ang lahat ng mga komunikasyon sa *Communications Committee* upang maging opisyal ang mga ito; idokumento ang pinangalingan, oras, at iba pang detalye. Ang nailabas na *advisory* basta't opisyal ay makakaiwas sa anumang problemang legal sa hinaharap.
- Magdagdag ng mga miyembro at kasama sa komite. Maaring isali rito ang Sangguniang Kabataan (SK). Bigyan din ng oryentasyon ang mga bagong miyembro sa kanilang mga tungkulin.
- Mainam na mabigyan ang lahat ng kinauukulan ng abiso ukol sa mga gagawing dril sa komunidad upang maging listo ang mga tao.

### Communication Committee

- Magtakda ng panahon para sa *radio operation and maintenance training* ng mga miyembro.
- Siguraduhing palaging may mga ekstrang baterya ang mga radyo; isauli ang mga gamit na baterya sa *Operations Center* upang ma-recharge ang mga ito.
- Siguraduhing makakarating at nakarating ang lahat ng mensahe sa dapat tumanggap nito.



- Gamitin ang lahat ng maaring gamitin upang maiwasan ang pagpila o kaguluhan sa iisang makina o kagamitan lalo na't kung marami naman ito at di kayang ipagpaliban ang mga gawain.
- Makipagugnayan sa mga *homeowners association* at iba pang mga opisyal ng komunidad upang masulit ang tungkulin ng komunikasyon sa pamayanan.
- Basahin ang mga *advisories* sa radyo, isalin sa Tagalog kung maaari.
- Gawing taon-taon o dalawang beses sa isang taon ang *community drill* upang lalong mahasa ang mga tao sa pagsasanay na ito.
- Magdagdag ng mga miyembro at kasama sa komite. Maaring isali rito ang SK. Bigyan ng oryentasyon ang mga bagong miyembro sa kanilang mga tungkulin.

### **Transportation Committee**

- Ang imbentaryo at *monitoring* ng mga sasakyan at *manpower* ay maglilikha ng mas mahusay na *time management*.
- Gumawa ng *travel orders* (TO) upang mapamahalaan ang pagpasok at labas ng mga yunit.
- Maglaan para sa mga biglaang pangangailangan. Ang mga *evacuees* na matatanda, may sakit, may dalang sanggol at mabibigat na gamit ang dapat lamang sumakay; ang iba ay maglalakad patungo sa *evacuation center*. Prayoridad ng *Medical Team* ang paglilipat sa mga may sakit at nasaktan.
- Maglagay ng kahit isang tao na syang magiging dispatser ng mga sasakyan. Hihingi sya ng *clearance* mula sa Punong Barangay bago maglabas ng anumang uri ng mga sasakyan.
- Maghanda ng *route plans* para sa mga *vulnerable groups*.
- Sanayin ang mga bagong halal na Kagawad ukol sa *Disaster Management*.



### **Medical Team**

- Iulat ang mga pangunahing dahilan ng *mobility*, *mortality* ng *disease surveillance* sa *Health Officer*. Mahalaga ito lulu na sa pagkalap ng *medicine relief*.
- Bigyan ang *Medical Team* ng *First Aid and Basic Life Support Training*.
- Pag-iingat sa mga sakit na dala ng kontaminasyon ng tubig sa mga panahon ng pagbaha.

### **Security Committee**

- Kunin at pakilusin ang mga Barangay Tanod para sa seguridad ng mga tao at ng senter mula sa maaring manggulo.

### **Evacuation Committee**

- Kailangan ng komite ang mas detalyadong impormasyon ng populasyon at operasyon.
- Iulat ang estado o progreso ng mobilisasyon sa Punong Barangay mismo.
- Kailangan pa ng komite ang mas detalyado at masinsing *evacuation planning workshop*.
- Laging ihanda ang *master list* ng populasyong ililikas.
- Habang nasa pansamantalang *working area*, tiyakin na alam ng bawat grupo kung saan sila nakatalagang senter upang maiwasan ang gulo.
- Kunin ang suporta ng *Security Group* upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga *evacuees*.

### **Camp Management**

- Mahigpit na sumunod sa anuman ang napagkasuduan sa *pre-evacuation meetings*. Iwasang gumawa ng mga pamamaraan na hindi ipinapaalam sa *BDRRM Chairman*.
- Gamitin ang malapit na *basketball court* bilang *holding area*.
- Habang nasa ligtas na *pick-up area*, italaga na ang mga pamilya o lilikas ng kani-kanilang *evacuation center*.





- Sa *evacuation center*, sundin ang patakarang “*room-to-room*.” Dalhin ang bawat pamilya sa kani-kanilang nakalaang silid-aralan. Irerehistro ng taong nakatalaga sa silid-aralan ang mga pamilya at mga kasambahay. Ipapaskil ang kanilang mga pangalan at bilang.
- Bigyan ng kaukulang oryentasyon ang mga pamilya at pumili ng kanilang lider na magsisilbing taga-pamahala ng kalinisan at kaayusan ng silid-aralan at ng senter. Iulat kung mayroong problema.
- Tiyaking maipaskil ang listahan ng mga lumikas kada silid-aralan.
- Ang mga *relief goods* ay hindi ipamamahagi ng walang opisyal na ulat mula sa DepEd. Maiiwasan nito ang maubusan ng *relief goods* ang senter.
- Kinakailangan ang paggamit ng mga karatula para sa mga direksyon.
- Ang komiteng namamahagi ng *relief goods* ay laging makipag-ugnayan sa *camp manager*.
- Magkaroon ng kasunod na *Response Mechanism* para sa *camp management* (mula pagtanggap ng mga lumikas, pagrehistro, *relief*, *kitchen management*, atbp.) para sa DepEd, *Security* at *Medical Committees*.

### Relief Committee

- Sundin ang mga napagkasunduang pamamaraan at *evacuation plans*.
- Laging makipag-ugnayan sa lahat ng mga komite.
- Panatiliing simple ang mga stratehiya imbis na gawin itong kumplikado.
- Gumawa at ipatupad ang mga polisiya ng *relief distribution* na sinang-ayunan at sinusupportahan ng komite.
- Tandaan na ang populasyon ng mga *evacuees* ay lumalaki sa panahon ng paglikas.
- Gamitin ang *teamwork* imbis na makipagkumpitensya. Walang *individual play*.

# ANNEX



- ◆ *Listahan ng Population-at-Risk ng Barangay Malanday kada Purok*
- ◆ *Directory ng CDRRMC, BDRRMC, mga support emergency agencies at mga organisasyon tulad ng PAGASA, PHIVOLCS, MMDA, PRC, mga ospital, atbp*
- ◆ *Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010*
- ◆ *Implementing Rules and Regulations of RA 10121*
- ◆ *Nilagdaang Noah's Ark MOA ng CNDR, Habitat for Humanity, Malanday at Malanday Elementary School*
- ◆ *Statement of Commitment*

# PASASALAMAT

Katuparan ng isang magandang adhikain ang mabuo ang manwal na ito sa tulong na rin ng mga sumusunod:

- ◆ Mr. Cedric Daep, Chief, Albay Public Safety and Emergency Management Office
- ◆ Hon. Xy-Za Diazen, Chairman, Committee on Disaster Preparedness, Mitigation, and Management, Marikina City
- ◆ Cecilia P. Kwan, City Director, DILG, Marikina City
- ◆ Mr. Ronald Mejia, OIC, Marikina City Rescue 161
- ◆ Dr. Susan Espinueva, Chief, Hydrometeorological Division, PAGASA
- ◆ Mr. Roy Badilla, PAGASA

